

Mga rekomendasyon bago sumakay para makontrol ang COVID

Gabay para sa mga may-ari ng sasakyang pag pangisda

1 Kagamitan sa bangka o barko.

Tiyaking ang iyong bangka o barko ay may sumusunod na gamit:

- ☒ 70% Alkohol
- ☒ Sabon
- ☒ Gel Sanitizer
- ☒ Tisyu
- ☒ Face mask o takip sa bibig at ilong
- ☒ Proteksyon sa kamay
- ☒ Bleach o chlorine (gaya ng Zonrox)
- ☒ Gamot sa lagnat
- ☒ kagamitan sa pangunang lunas
- ☒ Basurahan na nabubuksan gamit ang paa (hindi manu-mano)

* Kabilang sa inirerekomenda ay paracetamol.

2 Paglilinis ng bangka/barko.

Bago isakay ang iyong mga kasamahan, linisin ang bangka/barko sabong panlaba at i-disinfect gamit ang 0.5% bleach o chlorine (Zonrox) o gamit ang 0.1% quaternary ammonium solution na isspray sa lahat ng kagamitan at kumpartamento ng sasakyang pagpangisda o pang dagat.

3 Paggawa ng disinfectant.

Kung ang ginagamit na bleach o chlorine ay may konsentrasyon na 5%, gumawa ng disinfectant sa ganitong paraan:

Para sa mga surfaces (0.5% konsentrasyon).



1 litrong tubig



100 ml na bleach o chlorine (katumbas ng 10 kutsara)

Para sa pagkain (0.05% konsentrasyon)



1 litrong tubig




10 ml na bleach o chlorine

4 Pag disinfect ng mga gamit sa pangisda.

I-disinfect ang mga kagamitan at pagkain na nagmula sa ibang bansa gamit ang opisyal na rekomendasyon para sa pag-iwas sa COVID-19.



Sundin ang nakasaad sa “Good Handling and Hygiene and Sanitation Practices Program” ng iyong bangka/barko



Mga rekomendasyon bago sumakay para makontrol ang COVID.

Gabay para sa mga may-ari ng sasakyang pag pangisda.

5 Kalusugan ng iyong mga kasamahan.

Huwag pahintulutan bumyahe ang kasamahan o sinumang may temperaturang higit pa sa 37.5 °C o may sintomas ng COVID-19.

Humingi ng sertipikasyon na nagpapatunay na nasa maayos na kalusugan ang iyong mga kasamahan.

6 Sintomas ng COVID-19.

Kung ikaw o isa sa iyong kasamahan ang nakakaramdam ng isa mga sintomas na ito, huwag nang sumakay sa bangka/barko.

- | | | |
|--------------------------------------|---|--|
| ☐ Lagnat. | ☐ Hirap sa paghinga. | ☐ Pananakit ng kalamnan o sakit ng ulo. |
| ☐ Tuyong ubo. | ☐ Masakit na lalamunan | ☐ Panginginginig |
| ☐ Sipon. | | |

Kung maaari, gumamit ng infrared thermometer.

7 Pagsakay.

Sumakay lamang sa awtorisadong pantalan na mayroong protokol sa pag-iwas and pag kontrol ng COVID-19.

Panatilihing updated ang mga kinakailangang dokumento para sa pangangisda tulad ng sertipiko ng kalinisan, permit sa pangangisda, at iba pa.



8 Kontrol sa pagdadamit ng crew o mga kasamahan.

I-obliga ang paggamit ng malinis at na-disinfect na damit.

9 Kontrol sa kalinisan ng crew o mga kasamahan.

Bago sumakay ng bangka/barko, i-disinfect ang damit ng mga myembro ng crew gamit ang alcohol-based solution at ang kanilang sapatos gamit ang tubig na may bleach o chlorine. Gumamit ng sabon sa paghuhugas ng kamay at maghugas sa loob ng 20 segundo. Pwede rin gumamit ng 70% alkohol sa kamay.

Kapag may umalis sa bangka/barko na myembro ng crew, ulitin ang pamamaraan ng disinfection.

10 Kaalaman sa Impormasyon ng Crew.

Dapat ipaalam sa crew o mga kasamahan ang mga impormasyon hinggil sa mga bagong hakbang sa seguridad at pag-iwas sa sakit. Ipaalam sa isang pagpupulong ang kahalagahan ng pag sunod sa mga regulasyon. Ilagay ang mga regulasyon at hakbang na ito sa lugar na nakikita ng karamihan.

